

PAGSUSUMIKAP TUNGO SA IYONG MGA HANGARIN

1

ARALIN

TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- SESYON 1
 - Panimula
 - Sa hinaharap
 - Paghihinuha sa Karera
- SESYON 2
 - Paghihinuha sa Karera: Ipakita ang mga Resulta
 - Bakit Magtatrabaho?
 - Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

MGA LAYUNIN

Tukuyin ng mga estudyante ang kanilang mga hangarin sa karera.

Kilalanin ng mga estudyante kung paano sila matutulungan ng edukasyon na makamit ang kanilang mga hangarin.

Tukuyin ng mga estudyante ang mga hakbang upang maabot ang kanilang mga hangarin sa karera.

Kilalanin ng mga estudyante ang kahalagahan ng panandaliang trabaho sa pagkamit ng kanilang pangmatagalang hangarin sa karera.

MGA KINAKAILANGANG MATERIALES

- Sesyon 1: Mga journal o notebook, diksyunaryo (Bahagi I)
- Sesyon 1: Apat na pag-aanunsyo ng trabaho na may iba't ibang antas ng kasanayan, edukasyon, at karanasan (Bahagi I)
- Sesyon 1: Isang kopya ng activity sheet na “Pagsusuri sa Trabaho” para sa bawat estudyante (Bahagi I)
- Sesyon 1: Access sa Internet o mga aklat/artikulo tungkol sa pagkuha ng trabaho (Bahagi II)
- *Paalala: Kung posible, mag-ayos ng pagdalo ng counselor ng paaralan sa ikalawang hati ng Sesyon 1 para sa mga panayam ng mga estudyante.*
- Sesyon 2: Poster paper, mga lumang magasin, tape, pandikit, marker, gunting, atbp. (Bahagi I)

SESYON 1

Panimula

3 Minuto

Paalala: Sa araling ito, isasaalang-alang ng mga estudyante ang mga hangarin nila sa hinaharap. Kung posible, isaalang-alang ang pagtuturo sa iyong mga estudyante ng mga aralin sa module ng Pagtatakda ng Hangarin bago ang araling ito, upang maging pamilyar sila sa mga konsepto ng pagtatakda ng hangarin.

Isulat sa pisara ang sumusunod na sipi: “Nakasalalay ang hinaharap sa kung ano ang ginagawa mo ngayon.”

Hilingin sa mga estudyante na bigyang-kahulugan ang sipi. Talakayin ang kaugnayan sa pagitan ng pagtatakda ng hangarin at tagumpay sa buhay.

Ipaliwanag na sa araling ito, tutukuyin ng mga estudyante ang mga karerang maaaring interesado sila at matututo ng mga kasanayang makatutulong sa kanila upang maabot ang kanilang mga hangarin.

Bahagi I: Sa Hinaharap

15 Minuto

Layunin: Tukuyin ng mga estudyante ang kanilang mga hangarin sa karera at inaalam kung paano sila matutulungan ng edukasyon na makamit ang mga hangaring ito.

1. I-visualize ng mga estudyante ang kanilang mga hangarin para sa hinaharap.

Hilingin sa mga estudyante na ipikit ang kanilang mga mata. Sabihin na “Isipin ang inyong sarili 15 taon mula ngayon. Anong ginagawa mo sa buhay mo? Isipin ang ilan sa mga hangarin na itinakda mo para sa sarili mo. Nakamit mo ba ang mga hangaring iyon? Paano ka kumikita?”

Hilingin sa mga estudyante na imulat ang kanilang mga mata. Bigyan sila ng ilang minuto upang isulat ang tungkol sa kanilang iniisip habang nagsasalita ka. Hilingin sa kanila na isama ang mga detalye ng kanilang mga hangarin sa karera.

2. Ibahagi ng mga estudyante ang kanilang mga hangarin sa karera.

Kapag tapos nang magsulat ang mga estudyante, hilingin sa mga boluntaryo na ibahagi ang kanilang isinulat. Habang ibinabahagi ng mga estudyante ang mga hangarin nila sa hinaharap, isulat ang kanilang mga tugon sa pisara.

Ipaliwanag sa mga estudyante na anuman ang hangarin nila, kakailanganin nila ng plano upang makamit ang mga ito.

3. Tukuyin ng mga estudyante ang pagkakaiba sa pagitan ng mga trabaho at karera.

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang pagsusulat na ginawa nila ay tungkol sa kanilang mga hangarin sa karera. Tanungin ang mga estudyante kung alam nila ang pagkakaiba sa pagitan ng mga salitang “trabaho” at “karera.” Kung kinakailangan, ipahanap sa dalawang boluntaryo ang mga salita sa diksyunaryo at basahin nang malakas ang mga kahulugan. Gabayan ang mga estudyante upang maunawaan na ang “trabaho” ay tumutukoy sa pagtrabaho at pagkuha ng suweldo. Ipaliwanag na kadalasang panandalian ang mga trabaho. Sabihin sa mga estudyante na ang “karera” ay nagpapahiwatig ng isang bagay na pangmatagalan na pinaplano ng mga tao at sinisikap na umunlad.

Ipaliwanag na madalas nagbabago ang mga tao ng trabaho, lalo na kapag bata pa sila. Sabihin sa mga estudyante na nagiging mas karaniwan din para sa mga tao na baguhin ang kanilang mga landas sa karera. (Magbigay ng halimbawa nito, mas mainam kung mula sa personal na karanasan o kaalaman.) Ibahagi sa mga estudyante kung paano ipinapahiwatig ng mga istatistika na malamang na magpalit sila ng karera nang ilang beses sa kanilang buhay at magkakaroon sila ng

maraming trabaho sa bawat karera. Ipunto na ginagawa nitong mahalaga ang pag-master ng mga kasanayan sa paghahanap ng trabaho.

Ipaliwanag sa mga estudyante na pinasimulan mo sila sa pag-iisip tungkol sa kanilang pangmatagalang hangarin sa karera dahil malamang na pipili lang sila ng mga panandaliang trabaho na akma sa mga hangaring iyon.

4. Suriin ng mga estudyante ang mga kinakailangan at kabayaran ng ilang trabaho.

Bago ang klase, tukuyin ang apat na listing ng trabaho sa inyong lugar mula sa isang online job board (halimbawa, www.indeed.com o www.monster.com). Tiyaking ang mga opsyon ay nangangailangan ng iba't ibang antas ng kasanayan, edukasyon, at karanasan (tulad ng mover, administrative assistant, computer technician, at guro). I-print ang mga anunsyo para sa bawat estudyante o i-display ang mga ito sa lugar na makikita ng buong klase.

Ipaliwanag sa mga estudyante na paghahambingin at pag-iibahin nila ang iba't ibang trabaho. Ipamahagi ang mga kopya ng activity sheet ng “Pagsusuri sa Trabaho” sa mga estudyante. Ipabasa nang malakas sa isang boluntaryo sa klase ang anunsyo ng trabaho na hindi nangangailangan ng anumang nakaraang karanasan. Itanong sa mga estudyante kung anong mga kasanayan ang kailangan ng aplikante para sa trabahong ito, isulat ang kanilang mga tugon sa activity sheet sa kahon na may label na “Mga Kasanayan.”

Pagkatapos, tanungin ang mga estudyante kung anong antas ng edukasyon ang kailangan para sa trabaho (hal., diploma sa high school o degree sa kolehiyo). Tagubilinan ang mga estudyante na punan nang naaangkop ang kahon ng “Paaralan.”

Susunod, ipatukoy sa mga estudyante ang suweldo at benepisyo ng trabaho. (Kung hindi naiintindihan ng mga estudyante kung ano ang mga benepisyo, ipaliwanag ang sakop sa pangangalagang pangkalusugan, oras ng bakasyon, pagbabayad ng matrikula, atbp.) Ipadagdag sa

mga estudyante ang naaangkop na impormasyon sa activity sheet; pagkatapos, tanungin kung sa tingin nila ay may pagkakataon para sa pagsulong.

Hilingin sa mga estudyante na pag-isipan kung gusto nila ang trabahong ito para sa karera, hindi lamang para sa panandaliang trabaho. Ipasulat sa kanila ang impormasyong ito sa huling hanay.

5. Kilalanin ng mga estudyante na makakatulong sa kanila ang edukasyon para makamit ang kanilang mga hangarin sa karera.

Talakayin ang bawat isa sa iba pang mga patalastas sa trabaho na napili mo. Ipasulat ito sa mga estudyante sa mga kahon.

Kapag tapos na sila, tanungin ang mga estudyante kung aling trabaho ang kanilang pipiliin at bakit. Pagkatapos tumugon ang mga estudyante, hamunin sila na hanapin ang kaugnayan sa pagitan ng edukasyon, suweldo, benepisyo, at pag-unlad. Dapat mapansin ng mga estudyante na ang nagdudulot ang mas maraming edukasyon sa mas magandang suweldo, benepisyo, at pagkakataon sa pag-unlad.

Ipaliwanag na makakatulong sa mga tao ang mahusay na edukasyon na makakuha ng mga mainam na trabaho at makamit ang mga hangarin sa karera sa halos anumang larangan.

Bahagi II: Paghihinuha sa Karera

30 Minuto

Layunin: Tukuyin ng mga estudyante ang mga hakbang upang maabot ang kanilang mga hangarin sa karera.

1. Maghinuha ang mga estudyante tungkol sa kung ano ang kailangan nila upang maabot ang kanilang mga hangarin sa karera.

Ipakilala ang konsepto ng pagpapalano para sa karera sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng mga hakbang na personal mong ginawa upang maging guro. Isama ang iyong edukasyon sa high school, pansamantalang trabaho, karanasan sa kolehiyo, espesyal na pagsasanay, at iba pang mga salik na nakatulong sa iyo. Sabihin sa mga estudyante na kailangan nilang pag-isipan kung ano ang maaari nilang gawin ngayon at sa hinaharap upang maabot ang kanilang mga hangarin. Ipaliwanag na hihilingin mo sa kanila na gumawa ng ilang mga hula tungkol sa kung ano ang kailangan nilang gawin upang magkaroon ng mga karera na gusto nila.

Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag ang “paghihinuha.” Ipaliwanag na sa siyensya, ang paghihinuha ay iminungkahing masusubok na solusyon o edukadong hula na ginagawa ng mga siyentista pagkatapos mangalap ng impormasyon.

Tagubilinan ang mga estudyante na magsulat ng hinuha tungkol sa kung ano ang kailangan nilang gawin upang makamit ang kanilang mga hangarin sa karera. Ipunto na nangalap sila ng impormasyon noong tiningnan nila ang mga anunsyo ng trabaho upang makita kung ano ang kinakailangan upang makakuha ng ilang partikular na trabaho, at binigyan mo sila ng higit pang impormasyon noong sinabi mo sa kanila kung paano ka naging guro. Paalalahanan ang mga estudyante na isaalang-alang ang mga salik gaya ng edukasyon, karanasan sa trabaho, mga espesyal na talento o kakayahan, at pera habang isinusulat nila ang kanilang mga hinuha.

Bigyan ng 10 minuto ang mga estudyante na isulat ang kanilang mga hinuha.

2. Ibahagi ng mga estudyante ang kanilang mga hinuha tungkol sa landas ng kanilang karera.

Kapag lumipas na ang 10 minuto, hilingin sa mga boluntaryo na ibahagi ang kanilang mga ideya sa klase. Bigyang-daan ang mga estudyante na dagdagan at baguhin ang kanilang mga sariling hinuha kung ang mga ideya ng ibang mga estudyante ay angkop para sa kanila.

Ipaliwanag na palaging sinusubok ng mga siyentista ang kanilang mga hinuha upang makita kung gagana ang mga ito. Hilingin sa mga estudyante na magmungkahi ng mga paraan na masusubok

nila ang kanilang mga hinuha. *(Dapat magmungkahi ang mga estudyante na: magsaliksik sa internet, mga panayam, pagkonsulta sa school counseling department, pakikipag-usap sa isang tao mula sa human resources department, pagkonsulta sa mga propesyonal sa kanilang gustong larangan, atbp.)*

Ilista ang lahat ng mga mapagkukunan sa pisara.

3. Saliksikin ng mga estudyante kung ano ang kinakailangan upang makamit ang kanilang mga hangarin sa karera.

Igrupo ang mga estudyante na may katulad na mga hangarin sa karera. Hamunin ang mga grupo na gamitin ang mga mapagkukunang natukoy nila upang subukan at baguhin ang kanilang mga hinuha. Ipaliwanag na mayroon sila ng natitira ng sesyon at hanggang sa susunod na sesyon upang magpahayag ng konklusyon tungkol sa mga hakbang na kailangan nilang gawin upang mabuo ang kanilang mga karera. Pamunuan ang mga estudyante na gamitin ang mga aklat na mayroon ka, ang internet, mga panayam sa counselor ng paaralan, at iba pang sanggunian upang subukan ang kanilang mga hinuha.

Tapusin sa pamamagitan ng pagpapaalam sa mga estudyante na sa susunod na sesyon ay magkakaroon sila ng 25 minuto upang lumikha ng biswal na representasyon ng kanilang mga natuklasan. Tagubilinan ang mga estudyante na dalhin sa klase ang anumang visual na makikita nila sa kanilang pananaliksik na gusto nilang isama sa kanilang mga presentasyon (hal., mga tsart, litrato, worksheet).

SESYON 2

Bahagi I: Paghihinuha sa Karera: Ipakita ang mga Resulta

30 Minuto

Layunin: Gumawa ang mga estudyante ng mga biswal na representasyon ng kanilang mga plano sa karera.

1. Iulat ng mga estudyante ang mga hakbang na kailangan nilang gawin upang makamit ang kanilang mga hangarin sa karera.

Maghanda ng poster paper, construction paper, mga lumang magasin, tape, pandikit, marker, gunting, at iba pa para magamit ng mga estudyante.

Ipaliwanag sa mga estudyante na nagkaroon sila ng oras upang matuklasan ang mga hakbang na kakailanganin nilang gawin upang ituloy ang kanilang mga hangarin sa karera. Pabalikin ang mga estudyante sa kanilang mga grupo mula sa Bahagi II ng Sesyon 1. Sabihin sa mga grupo na gamitin ang 25 minuto upang lumikha ng mga biswal na kumakatawan sa mga hakbang na kinakailangan upang makamit ang kanilang mga hangarin sa karera. Hikayatin ang mga estudyante na gumamit ng mga tsart, cartoon, flowchart, litrato, atbp.

2. Talakayin ng mga estudyante ang mga hakbang upang makamit ang kanilang mga hangarin sa karera.

Kapag lumipas na ang 25 minuto, idi-display ng mga grupo ang kanilang mga biswal sa paligid ng silid-aralan. Ipunto na natuklasan ng mga estudyante na mahahalaga ang lahat ng edukasyon, karanasan, at talento sa pagkamit ng mga hangarin sa karera.

Paalalahanan ang mga estudyante na ang kanilang mga plano sa karera ay kailangang patuloy na irebisa at i-update. Ipunto na maaari nilang baguhin ang kanilang mga hangarin sa karera nang

ilang beses sa kanilang buhay; sa bawat pagkakataon, kakailanganin nilang irebisa ang kanilang mga plano.

Hilingin sa mga grupo na ibahagi ang pinakakawili-wili o nakakagulat na bagay na kanilang natuklasan habang sinusubok ang kanilang mga hinuha sa kanilang hangarin sa karera.

Bahagi II: Bakit Magtatrabaho?

15 Minuto

Layunin: Kilalanin ng mga estudyante ang kahalagahan ng panandaliang trabaho sa pagkamit ng kanilang pangmatagalang hangarin sa karera.

1. Mapagtanto ng mga estudyante na ang pagkakaroon ng part-time na trabaho ay makabuluhang estratehiya sa karera.

Ipaalala sa mga estudyante na nalaman nila na nakakatulong ang karanasan sa pagkamit ng mga hangarin sa karera.

Gabayan ang mga estudyante sa pag-unawa na nakakakuha sila ng karanasan kapag nagtatrabaho sila sa larangan na nauugnay sa kanilang mga hangarin sa karera. Hikayatin ang mga estudyante sa pamamagitan ng pagsasabi ng, “Kung gusto kong maging musikero, anong mga uri ng trabaho ang magbibigay sa akin ng mahalagang karanasan?” (*Dapat tumugon ang mga estudyante na: pagtatrabaho sa tindahan ng musika o tumutugtog sa banda.*) Ipaliwanag sa mga estudyante na ang mga ganitong uri ng karanasan ay magbibigay-daan sa iyo na matuto nang higit pa tungkol sa musika, na gagawin kang mas mahusay na musikero. Gayundin, ipunto na kikita ka ng pera habang natututo ka.

2. Kilalanin ng mga estudyante kung paano nakakatulong sa kanila ang pagtatrabaho para matuto ng mga kasanayan sa buhay.

Hilingin sa mga estudyante na magmungkahi ng iba pang dahilan, bukod sa kaalaman sa trabaho, na naghahanap ang mga employer ng mga taong may karanasan. Gabayan ang mga estudyante sa

pag-unawa na ang taong may dating trabaho ay natututo ng ilang mga pangunahing kasanayan na may kaugnayan sa trabaho. Ipunto na tutulong ang mga pangunahing kasanayang ito sa mga estudyante na magtagumpay sa kanilang mga karera anuman ang kanilang mga hangarin.

Hilingin sa mga estudyante na magmungkahi ng ilang pangunahing kasanayan na maaari nilang matutunan sa pagtatrabaho. Isulat sa pisara ang mga tugon ng mga estudyante. *(Maaaring itugon ng mga mag-aaral: pagiging maaasahan [pagiging nasa oras at handa], paglutas ng mga problema at paggawa ng mga desisyon nang nakapag-iisa kung posible, mga kasanayan sa komunikasyon [pakikipag-ugnayan sa mga katrabaho, paglutas ng mga pagkakaiba, pakikipag-usap sa mga superbisor, atbp.], pananagutan sa pananalapi [paghawak sa kanilang mga paycheck at marahil sa pera ng mga customer], o kaalaman tungkol sa mga buwis at pagbabawas ng Social Security.)*

3. Pagtalakayan ng mga estudyante ang mga part-time na trabaho na makatutulong sa kanila na makamit ang kanilang mga hangarin sa karera.

Sabihin sa mga estudyante na “Kung ang estudyante ay gustong maging doktor, anong uri ng trabaho ang maaari niyang gawin ngayon, habang nasa high school siya, na makakatulong sa kanya na makamit ang hangaring ito?” Hayaang mag-isip ang mga estudyante ng ilang mga posibilidad. Isulat ang mga tugon sa pisara. *(Maaaring itugon ng mga estudyante na: magtrabaho sa ospital, sa botika, o kasama ng nurse sa paaralan.)*

Kailangang isaalang-alang ng mga estudyante ang iba't ibang bagay kapag naghahanda para sa hinaharap na karera at naghahanap ng part-time na trabaho. Ipunto na para sa taong gustong maging doktor, ang mahusay na karanasan sa trabaho noong high school ay maaaring ang magtrabaho sa ospital. Gayunpaman, boluntaryo at walang bayad ang karamihan sa mga ganitong uri ng posisyon. Kung kailangang kumita ng pera ang estudyante, maaaring kailanganin nilang isaalang-alang ang trabaho na walang kaugnayan sa medikal na larangan o balansehin ang may bayad na trabaho sa ospital sa boluntaryong posisyon. Ipaliwanag na mahalagang timbangin ang lahat ng kahihinatnan.

Ulitin ang aktibidad sa ibang mga hanapbuhay kung saan nagpakita ng interes ang mga estudyante.

Hilingin sa mga estudyante na ilarawan kung paano sila natulungan ng mga sesyong ito na malinawan ang kanilang mga landas sa karera. Sabihin sa kanila na ang mga susunod na aralin ay magbibigay sa kanila ng mga tool upang makuha ang mga trabahong tinukoy nila. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Tumutulong ang mahusay na edukasyon sa mga tao na makamit ang kanilang mga hangarin sa karera.
- Kung alam mo ang kailangan upang magkaroon ka ng gusto mong karera, maaari mong gawin ang mga hakbang na ito upang makuha mo ito: pagtatapos, mataas na edukasyon o pagsasanay, at karanasan sa trabaho.
- Hindi lamang nagbabayad ng pera ang mga part-time na trabaho, maaari ring magbigay ng karanasan sa isang larangan ng karera.

Pagtatasa sa Estudyante

SESYON 1

1. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng trabaho at karera.
2. Ano ang isa sa iyong mga hangarin sa karera?
3. Ano ang ilan sa mga hakbang na dapat mong gawin upang makamit ang iyong mga hangarin sa karera?

SESYON 2

1. Ilista ang tatlong positibong benepisyo ng pagkuha ng part-time na trabaho.
2. Ano ang maaari mong gawin ngayon upang magsikap na makamit ang iyong mga hangarin sa karera?

MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Nakakamit ng mga nagsusumikap ang pinaniniwalaan ng mga nangangarap.”

Bilang isang klase, talakayin ang kahalagahan ng pagkilos sa pagtupad ng pangarap. Ipaliwanag na may pangarap na karera ang bawat isa, ngunit hindi lahat ay gumagawa ng mga hakbang na kailangan nila upang matupad ang kanilang pangarap.

PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Ipatupi sa mga estudyante ang piraso ng papel sa apat. Sa ikaapat na kahon, ipaguhit sa mga estudyante ang cartoon na nagpapakita ng kanilang mga sarili sa kanilang mga pangarap na trabaho sa hinaharap. Sa unang tatlong kahon, ipaguhit sa kanila ang mga hakbang na kailangan upang matupad ang mga pangarap na iyon, kasama ang mga takdang panahon kung nais.

PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Tagubilinan ang mga estudyante na pag-isipan kung bakit kawili-wili sa kanila ang partikular na karera. Tagubilinan silang isulat kung bakit nila iniisip na akma ang karerang sa kung sino sila at sa uri ng nasa hustong gulang na nais nilang maging.

Tagubilinan ang bawat estudyante na makipagpalitan ng kanilang gawa sa kaklase para sa feedback.

PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Tagubilinan ang mga estudyante na humanap sa internet para sa publikasyon tungkol sa karera na kanilang pinili (hal., *New England Journal of Medicine*, *Harvard Law Review*, *Instructor*, *Variety*).

Tagubilinan silang isulat ang pagsusuri sa publikasyon na magbibigay sa ibang mga estudyante ng kabuuang ideya tungkol sa mga regular na tampok at nilalaman ng magasin.

Tagubilinan ang mga estudyante na ipakita ang kanilang impormasyon sa klase. Ilagay ang kanilang mga pagsusuri sa binder ng mga resource para sa paghahanap ng trabaho.

TAKDANG-ARALIN

Tagubilinan ang mga estudyante na obserbahan ang isang tao sa kanyang trabaho na nasa propesyong nais nila. Tagubilinan silang sumulat ng talaarawan na naglalarawan kung kumusta ang araw ng taong ito.

Tagubilinan ang mga estudyante na ilahad ang kanilang mga resulta sa klase. Ilagay ang kanilang trabaho sa binder ng mga resource ng paghahanap ng trabaho para sa paggamit sa klase.

MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Ipabasa sa mga estudyante ang *Teenagers Preparing for the Real World* ni Chad Foster (available sa www.chadfoster.com). Mayroon itong mahusay na payo para sa mga kabataan kung paano hanapin ang trabahong gusto nila, gamit ang obserbasyon na gugugol sila ng 86,000 oras ng kanilang buhay sa paggawa ng gawaing iyon.

Ipalista ang mga payo sa maliliit na grupo para sa paghahanap ng gusto nilang trabaho.